THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 10 * Marso 5 - 11, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# CHIEF, PNP BUMISITA SA POLICE REGIONAL OFFICE 12

sundan sa pahina 3






## PUBLIC ANNOUNCEMENT!

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

Alert Levels System for COVID-19

**NCR**

Alert Level 1

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Smuggled cigarettes at shabu nasamsam sa Sultan Kudarat

sundan sa pahina 9

## Php4.7M shabu kumpiskado sa PNP buy-bust sa NegOr

sundan sa pahina 10

## Php1M Shabu kumpiskado sa PNP Buy-bust suspek arestado

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ano ang Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP)?**

Ang E-Clip ay isang programa ng gobyerno na naglalayong tulungan ang mga miyembro ng Communist Terrorist Group na magbalik-loob sa pamahalaan at mamuhay ng tahimik. Ang mga benepisyaryo ng programang ito ay maaaring makatanggap ng libreng pabahay, pangkabuhayan, tulong pinansyal, at libreng edukasyon.

## JOINT TASK FORCE CV SHIELD

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE 09175382495

SMART 09988490013

LANDLINE (02)87253176

E-MAIL ncovmonitoring@gmail.com

HOTLINE NUMBERS

#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

## E - SUMBONG

e - SUMBONG SMS Hotline

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph

Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline

Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# 4 na dating rebelde tumanggap ng Php86K bawat isa sa South Cotabato




**South Cotabato - Nakatanggap ng Php86,000 at tulong pangkabuhayan ang apat na dating rebelde na sumailalim sa Enhanced-Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) sa isinagawang awarding ceremony ng Regional Mobile Force Battalion 12 sa Villa Princessita, Jabido Compound, City of Koronadal, South Cotabato nitong Huwebes, Marso 10, 2022.**

Kinilala naman ni PCol Jomar Alexis Yap, Force Commander ng RMFB12 ang 4 na dating rebelde na sina Juanily Bolotano, Antonio Dela Torre, Alex Engatan Olan at si Jummy Talino Panday na sumailalim sa E-CLIP program at naging pangunahing benepisyaryo ng aktibidad.

Matagumpay na nabigyang papuri ang apat na dating rebelde sa isinagawang aktibidad sa pangunguna ni PCpt Joemari Cua, CAS PCO kasama si PCpt Renato Dunga Jr, Intel Officer.

Ayon kay PCol Yap, bilang papuri sa apat na dating rebelde nabigyan sila ng agarang livelihood at reintegration assistance na nagkakahalaga ng Php86,000 bawat isa bilang bahagi ng E-CLIP benefits.

Labis naman ang pasasalamat ng apat na dating rebelde dahil sa maayos na pakikitungo sa kanila ng ating kapulisan at pati na rin sa walang sawang pagbibigay ng suporta at tulong sa kanila. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay A Medelin)*

# Feeding Program isinagawa ng Basilan PNP



**Lamitan, Basilan - Nagsagawa ng feeding program ang pulisya ng Basilan Police Provincial Office sa mga constituents/evacuees ng Brgy. Malinis, Lamitan, Basilan na inabot ng flash flood noong Marso 9, 2022 dahil sa malakas na pag-ulan dulot ng Low Pressure Area (LPA) nito lamang Huwebes, Marso 10, 2022.**


Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Colonel Pedro Martirez, Jr., Acting Provincial Director kasama ang Policewomen at Female NUP ng Basilan PPO.

Ayon kay Police Colonel Martirez Jr., maliban sa feeding program ay nakapagsagawa rin ng dayalogo sa mga evacuees na lumikas mula sa kani-kanilang bahay at kasalukuyang lumipat sa covered court ng Brgy. Malinis.

Ayon pa kay Police Colonel Martirez Jr. ang nasabing aktibidad ay naaayon sa pagdiriwang ng Buwan ng Kababaihan na may temang: "We Make Change Work for Women" at Campaign Slogan: "Agenda ng Kababaihan tungo sa kaunlaran".

Isang patunay na ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas ay palaging handa sa pagtulong, paglilingkod at pagprotekta sa komunidad mula sa anumang anyo ng pang-aabuso, karahasan, at kalamidad. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz III)*

# Blood Letting Activity inilunsad ng PRO 8



**Camp Ruperto Kangleon, Palo, Leyte – Nagsagawa ng Blood Letting Activity ang kapulisan ng Police Regional Office 8 sa Camp Ruperto Kangleon, Palo, Leyte nito lamang Martes, Marso 8, 2022.**

Ayon kay PBGen Bernard Banac, Regional Director, Police Regional Office 8, nakalikom ng 52 bags ng 450cc ng dugo na may kabuuang 23,400cc galing sa qualified donors mula sa Regional Headquarters, Leyte Police Provincial Office, Tacloban City Police Office at Regional Support Units.

Ayon pa kay PBGen Banac, ang bloodletting activity ay kaugnay sa pagdiriwang ng International Women's Day.

Ayon pa dito, ang mga nalikom na dugo ay gagamitin upang punan ang kakulangan sa suplay ng dugo sa Eastern Visayas Medical Center.

# Libreng gupit para sa katutubong kababaihan hatid ng kapulisan sa Davao Del Norte




**Nagbigay ng libreng gupit para sa mga katutubong kababaihan ang mga tauhan ng R-PSB Sitio Dulyan sa Sitio Dulyan, Brgy. Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte, noong Huwebes, Marso 10, 2022.**

Bakas sa mukha ng bawat isa ang tuwa matapos silang magupitan ng R-PSB Sitio Dulyan sa pangunguna ni PLt Roland Rubion na nakapagbigay sa kanila ng maaliwalas at mas magaan na pakiramdam bilang babae.

Labis din ang kanilang pasasalamat sa R-PSB Sitio Sultan dahil sa kanilang pagmamalasakit na sa ganoong bagay manlang ay nabibigyan ng importansiya ang mga katutubong katulad nila.

Layunin ng aktibidad na ito na gawing maganda ang pakiramdam at mapasaya ang kababaihan at mas mahalin at alagaan ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagkakaroon ng maayos na gupit na isang mahalagang aspeto upang magkaroon sila ng lakas ng loob at tiwala sa sarili.

# Chief, PNP bumisita sa Police Regional Office 12



**General Santos City - Binisita ni Police General Dionardo Carlos, Hepe ng Pambansang Pulisya ang Police Regional Office 12 sa Tambler, General Santos City nito lamang Miyerkules, Marso 9, 2022.**

Malugod namang tinanggap ng pamunuan ng Police Regional Office 12 sa ilalim ng pamumuno ni PBGen Alexander Tagum, Regional Director ang pagbisita ni Chief PNP, PGen Carlos.

Pinangunahan ni PGen Carlos ang pagbibigay parangal kina PMaj Zean Paul Cubil, PLt Joelito Espero, PSSg Alex Develos at PCpl Milbert Ybanez na tumanggap ng Medalya ng Kadakilaan sa pagpapakita ng kabayanihan at walang takot na hinarap ang humigit kumulang tatlong oras na bakbakan/engkwentro sa Macabual, Pikit, Cotabato na nagresulta sa pagkakahuli kay Mosim Manebped Dalandia Alias "Takuwad" o "Datu M. Dalanda" sa bisa ng Warrant of Arrest noong Pebrero 19, 2022.

Habang si PCol Jemuel Siason naman ay tumanggap ng Medalya ng Kagalingan sa isinagawang "OPLAN EREBUS" na nakapagdiskubre ng 4.6 milyong piso na halaga ng marijuana sa Sitio Magulo, Brgy. Miasong, Tupi, South Cotabato noong Enero 30 hanggang Pebrero 1, 2022.

Kasabay nito ay kinausap rin ni PGen Carlos ang mga tauhan sa PRO12 at mariin nitong pinaalala sa kapulisan na manatiling apolitical.

"Apolitical tayo, wala po tayong pulis na mag-bodyguard na hindi authorized ng Chief PNP", ani PGen Carlos. Ito ay bilang paghahanda ng Pambansang Pulisya para sa mapayapa at malayang halalan 2022.

Mahigpit ring nagbabala si PGen Carlos na huwag masasangkot ang mga kapulisan sa anumang uri ng sugal lalong lalo na sa mga online gambling tulad ng E-Sabong.

Samantala, bilang pagpapalakas naman sa hanay ng pulisya sa PRO 12 ay nagbahagi si PGen Carlos ng LED screen sa kanilang hanay at ipinamahagi din niya ang limang helmet sa unit ng Highway Patrol Group na siyang tinanggap ni PCol Eliseo Malana Jr.

Labis naman ang pasasalamat ng mga kapulisan ng PRO 12 sa pagbisita at pagpapakita ng suporta ng Ama ng PNP sa Rehiyon 12. *(Panulat ni Pat Khnerwin Jay A Medelin)*

# Shabu na may halagang Php1.1B nakumpiska sa buy-bust sa Valenzuela City



**Valenzuela City — Nakumpiska ang tinatayang Php1.10 bilyong halaga ng shabu sa buy-bust operation ng awtoridad sa Valenzuela City kahapon, Marso 8, 2022.**

Kinilala ni PNP Chief, Police General Dionardo Carlos, ang mga naarestong suspek na sina Tianzhu Lyu, 32, Chinese National, residente ng Fujian, China, at si Meliza Villanueva, 37, residente ng Concepcion, Tarlac.

Ayon kay Police General Carlos, bandang 4:30 ng hapon nang naaresto ang mga suspek sa 22-B JP Rizal St. Arty Subdivision Brgy. Karuhatan, Valenzuela City sa pinagsanib puwersa ng PNP Drug Enforcement Group Intelligence and Foreign Liaison Division, PDEA IIS, PDEA NCR, NCRPO-Regional Intelligence Division-Regional Drug Enforcement Unit, Northern Police District, District Drug Enforcement Unit, Valenzuela City Police Station at Bureau of Customs IIS.

Aniya pa ni Police General Carlos, nakuha kina Lyu at Villanueva ang may kabuuang 160 kilos ng shabu na may street value na Php1.10 bilyon, tatlong cell phone at identification card.

Dagdag pa niya, ang mga naarestong suspek ay kilalang drug dealers sa Metro Manila, sa Rehiyon 3 at 4A.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Section 5 at 11 Article 2 ng RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

"The PNP vows to sustain with vigor anti-illegal drugs police operations with a greater focus on high-value targets engaged in trafficking and distribution of illegal drugs, of course, in coordination with PDEA, to help boost the government's campaign for criminal justice", ani PGen Carlos.

# Top 1 Most Wanted Person ng Rizal arestado ng Antipolo PNP


**Antipolo City, Rizal - Naaresto ang Top 1 Most Wanted Person ng Rizal sa Manhunt Charlie ng mga kapulisan ng Antipolo City noong Huwebes, Marso 10, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Dominic Baccay, Provincial Director ng Rizal Provincial Police Office 4A ang suspek na si John Joseph Dometita, 34, residente ng Sitio Radar, Brgy. San Luis, Antipolo City, Rizal.

Ayon kay Police Colonel Baccay, bandang 2:38 ng hapon naaresto si Dometita sa kanyang tinitirhan sa pinagsanib na puwersa ng Antipolo City Police Station at Directorate for Investigation and Detective Management - Women and Children Protection Center.

Ayon pa kay Police Colonel Baccay, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Rape at walang nirekomendang piyansa.

Ang Pambansang Pulisya ay lalo pang paiigtingin ang kampanya laban sa mga taong may pananagutan sa batas at iba pang mga krimen sa tulong at suporta ng mamamayan upang mapanatiling tahimik at maayos ang pamayanan. *(Police Executive Master Sergeant Joe Peter B Cabugon)*





# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Mas mabisa at epektibong kampanya laban sa iligal na droga

Patuloy ang Pambansang Pulisya sa mahigpit nitong kampanya laban sa ilegal na droga. Sa halos anim na taon nating pakikipaglaban simula nang maupo ang ating Pangulo Rodrigo Roa Dutete ay hindi tayo tumigil sa pagsasagawa ng mga operasyon, programa at akbokasiya hinggil dito.

Sa mga nagdaang mga taon at hanggang kasalukuyan ay patuloy nating pinagbubuti ang ating serbisyo upang mapuksa ang salot na ilegal na droga sa ating lipunan. Masasabi natin na maganda ang ating naging laban dahil sa mga matatagumpay na operasyon na nagresulta sa pagkakahuli sa mga taong sangkot dito maging ang bulto-bultong droga na ating nakumpiska. Ganun pa man, hindi natin maituturing na perpekto ang ating naging tugon hinggil dito.

Kaya naman, bilang pagpapatuloy ng ating laban sa ilegal na droga, mas lalo natin itong pagbubutihan sa pamamagitan ng Anti-Illegal Drugs Operation Through Reinforcement and Education o ADORE. Ito ang magsisilbing 'endgame strategy' ng ating pamahalaan para puksain ang ilegal na droga sa bansa.

Sa pakikipagtulungan ng Philippine Drug Enforcement Agency, Department of Social Welfare and Development, Department of Health, Dangerous Drugs Board, at ibang ahensya at grupo ay matagumpay natin itong nailunsad.

Ang ADORE ay upgraded version ng Anti-Illegal Drugs Campaign Plan Double Barrel na nakatutok sa reinforcement at education-based strategy kabilang ang rehabilitation, recovery and wellness, at reintegration ng drug surrenderers.

Sa 'new normal', babalik tayo sa mga lansangan upang muli tayong makipag-ugnayan sa komunidad maging sa mga biktima ng ilegal na droga. Itutuloy natin ang laban sa problemang ito sa pamamagitan ng pagbabawas ng supply bilang tulong natin sa Philippine Drug Enforcement Agency.

Patuloy din tayong makikipagtulungan sa Department of Health sa pamamagitan ng health promotion activities laban sa paggamit at pang-aabuso sa ilegal na droga. Sa tulong ng ADORE, mas mapapalakas nito ang ating Barangay Anti-Drug Abuse Councils na malaking tulong upang mapalakas ang edukasyon at mapuksa ang drug dependency ng mga taong gumagamit ng ipinagbabawal na gamot at matulungan silang makabangon muli mula sa ganitong kondisyon.

Sa ilalim ng ADORE, mas lalo natin itong palalawigin sa pamamagitan ng 8Es kabilang ang Engineering the Structure, Education, Extraction of Information, Enforcement, Enactment of Laws, Environment, Economics, Evaluation.

Tulad ng ating paulit-ulit na panawagan sa publiko, hindi natin mapagtatagumpayan ang labang ito kung wala ang inyong tulong, suporta at pakikiisa. Ang laban natin sa ilegal na droga ay laban ng bawat isa.

# EDITORYAL

## PNP sumasaludo sa katatagan at kakayahan ng mga kababaihan

Ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan, ayon sa kasaysayan ay nagsimulang ipagdiwang noong Marso 8, 1910 bilang pagkilala sa pakikipaglaban sa mga karapatan ng kababaihan. Hiniling ito ng isang German Labor leader sa katauhan ni Clara Zetkin sa mga kinatawan ng pandaigdigang kilusan. At noong 1977, nagpatibay ng isang resolusyon ang General Assembly ng United Nations. Nag-aatas sa mga bansa na ipagdiwang ang "International Women's Day" tuwing ika-8 ng Marso. Ito ay sinimulang ipagdiwang ng Pilipinas noong Marso 8, 1971.


Binibigyang-pugay ang kababaihan sapagkat malayo na ang kanilang narating at malaki ang naiambag sa pag-angat ng lipunan. Sa ating bansa, halos lahat ng sektor ng lipunan ay may mga babae na ang talino, kakayahan at potensiyal ay naging mahalagang ambag, bahagi at sangkap sa kaunlaran, sa paglilingkod sa bayan, sa mga kababayan at pamayanan. Masasabing ang kababaihan ay kabalikat lagi sa pag-unlad at pagpapanatili ng kapayapaan ng ating bayan.

Pinagmamalaki din ng pambansang pulisya ang mga policewoman sa kanilang mga nakakamanghang gawain na pinuri ng ating mga kababayan. Kabilang na rito sina Police Lieutenant Jean Aguada na nagpabreastfeed sa isang limang buwang sanggol na iniwan ng kaniyang mga magulang upang maghanapbuhay; si Police Lieutenant Colonel Joem Malong na nagbigay tulong mula sa personal na kapasidad sa ating mga kababayan lubos na naapektuhan ng pandemya sa Bago, Negros Occidental; si Police Lieutenant Shiela Joy Fronda na nagbigay ng wheelchair at mga damit sa may kapansanang bata sa probinsya ng Cagayan. Kasama ni PLt Fronda ang kanyang anak sa pagbebenta online para makalikom ng sapat na perang pambili ng mga gamit para sa batang may kapansanan.

Labis ding hinangaan si Patrolwoman Clare Aboc na tumulong sa isang ginang na inabutan ng panganganak sa isang pampublikong palikuran na malapit sa Kauswagan Police Station sa probinsya ng Lanao del Norte. Pati narin si Police Corporal Joy Rivares na tumulong sa isang kababayan na naaksidente sa Aguang bridge sa Baler, Aurora. Nilapatan ng paunang lunas ni PCpl Rivares ang naaksidente bago dinala sa ospital. Ilan lamang ito sa mga magaganda at katangi-tanging kontribusyon ng ating mga kababaihan sa hanay ng pambansang pulisya.

Lubos din ang pasasalamat natin sa ating mga kababaihan na hindi man kabilang sa ating hanay na may napakalaking kontribusyon at tulong sa mga programa ng PNP. Ang mga kasapi ng ating Lingkod Bayan Women Advocacy Support Groups at mga kababaihang miyembro ng Coalition of Lingkod Bayan Advocacy Support Groups and Force Multipliers na katuwang ng PNP sa paglaban sa lahat ng uri ng krimen at naging kasangkapan ng PNP sa pagpapaabot ng tulong sa ating mga kababayang nilugmok ng pandemya at labis na naapektuhan ng mga kamakailang bagyo.

Nakikiisa ang pambansang pulisya sa selebrasyon na bigyang pugay ang mga kababaihan sa pagpapamalas ng kanilang katatagan at kakayahan sa kabila ng mga hamong dulot ng pandemya at tugunan ang mga isyung kanilang kinahaharap. Kinikilala ng pambansang pulisya ang malaking bahagi ng mga kababaihan sa pagtataguyod sa serbisyong may puso at malasakit para sa bayan at ating mga kababayan.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## Crame service desk ng AMWSLAI bukas na

Magandang balita para sa ating mga kapatid na Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) na miyembro ng Air Materiel Wing Savings and Loan Association Incorporated (AMWSLAI) dahil bukas na ang kanilang Crame Service Desk katapat lamang ng Gate 2, PNP National Headquarters, Camp Crame, Quezon City.

Ang AMWSLAI Crame Service Desk ay matatagpuan sa 5th Floor Krame Arcade Building, No. 107 Col. Bonny Serrano Avenue, Barangay Bagong Lipunan ng Crame, Quezon City ay handa ng maglingkod sa ating mga kasamahang active and retired members ng AFP at PNP. Kaugnay nito ay maaari ng bumisita ang ating mga kasamahan upang ma-iproseso ang kanilang mga salary loans, monthly contributions, savings, deposits, capital contributions, at marami pang iba.

Mula noon hanggang ngayon ay patuloy na naglilingkod ang AMWSLAI para sa ating mga kababayang Pilipino partikular ang mga miyembro ng AFP at PNP, kaakibat ng kanilang tema na "Bayaning Pilipino, Bayaning Serbisyo" sa nakalipas ng maraming dekadang-taong paglilingkod.

Para sa inyong mga katanungan at karagdagang impormasyon ay maaari po kayong makipag-ugnayan sa kanilang mga mababait na Desk Officers na sina Mr. Louie Librada (09294905446) o kaya naman kay Ms. Dianara Delfin (09264763497) sa ilalim ng pamumuno ni Ms. Cherry Lou C. Mares, Branch Head, AMWSLAI Head Office. Ang AMWSLAI ay bukas mula araw ng Lunes hanggang araw ng Biyernes, sa ganap na alas 8:00 ng umaga hanggang alas 5:00 ng hapon.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Huwag Mapagod

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Purihin ang Panginoong Diyos sa Kanyang walang humpay na pag-ibig sa atin. Salamat sa Diyos sa patuloy na pag-iingat sa atin at pagbibigay ng lahat ng ating pangangailangan.

Pagod ka na ba?

Dahil sa nakikita mo na ang iyong ginagawa ay parang walang magandang resulta. Ginawa mo ang pinaka-mainam sa lahat. Ginugol ang mahabang oras sa pagtatrabaho at nagpupuyat para maging maganda ang proyekto ng iyong opisina. Pagkatapos ay may maririnig kang masamang komento at sinasabi na walang kuwenta ang iyong ginawa. Naranasan mo na ba ito? Maaaring makapagdulot sa atin ng kalungkutan ang mga bagay na ginagawa natin ay hindi napapahalagahan at hindi nakikita ang iyong sakripisyo. Naranasan ko na rin po iyan. Ang pagbibigay ng magandang puna sa ating mga gawa at pagbibigay ng motibasyon sa atin ay nagbibigay sa atin ng inspirasyon na magsumikap at ibigay ang pinakamainam natin na gawain. Batid natin na sa ating organisasyon, malimit na sinasabi na kulang tayo sa tao at kinakailangang gampanan ang maraming tungkulin. Kaya naman sa abot ng ating makakaya ay ginagawa natin ang lahat upang magkaroon ng magandang kalidad ng serbisyo sa bayan at mamamayan. Tuloy lang po tayo sa pagtatrabaho. Ang mahalaga at ibinigay natin ang "the best" sa ating tungkulin.

Pagod ka na ba?

Dahil nakikita mo na ang iyong mga anak ay hindi sumusunod sa iyong payo. Na tila ang iyong pagnanais na sila ay makatapos sa pag-aaral. Hindi mo nakikita sa kanila ang pagsisikap at sa halip ay inuuna pa ang paglalaro ng ML, Social Media at sa on-line study ay nagrereklamo. Huwag tayong tumigil sa pagbibigay ng motibasyon sa ating mga anak na kailangan nilang mag-aral at makatapos upang magkaroon ng magandang kinabukasan at pagdating ng panahon ay sila rin ang makikinabang.

Pagod ka na ba?

Dahil marami pa ring negatibong salita ang ibinabato sa ating organisasyon dahil may mga kabaro tayong gumagawa ng ilegal na gawain. Kadalasan ang nagba-viral sa social media ay ang mga maling gawain ng ilan nating kabaro. Kapag may nakakausap akong bumabatikos sa ating kapulisan ay pinapakinggan ko sa kanila at pagkatapos ay sinasabi ko sa kanila na, "hindi po lahat ay involve sa masamang gawain at marami pong tapat sa tungkulin na naglilingkod sa bayan. Salamat sa Diyos at isa po kayo sa tapat na pulis, mabuting magulang, mabuting kaibigan sa mamamayan at inspirasyon sa nakakarami.


Huwag mapagod sapagkat sinabi ng "Banal Na Kasulatan" sa sulat ni Apostol Pablo sa Galacia 6:9-10:

"Kaya't huwag tayong mapagod sa paggawa ng mabuti sapagkat pagdating ng takdang panahon tayo ay aani kung hindi tayo susuko. Kaya nga, basta may pagkakataon ay gumawa tayo ng mabuti sa lahat ng tao, lalo na sa mga kapatid natin sa pananampalataya."

Huwag mapagod, ito ay may laang gantimpala sa atin!

Habang may pagkakataon ay gumawa tayo ng mabuti sa ating mamamayan. Bilang lingkod ng bayan ito ang pinakamainam nating gawin sa ating kapwa.

## Top 1 Most Wanted Person ng Cavite arestado




**Tanza, Cavite - Naaresto ang Top 1 Most Wanted Person ng Cavite sa Manhunt Operation ng mga pulisya ng Cavite noong Marso 11, 2022.**


Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Gerry Laylo, Officer-in-Charge ng Tanza Municipal Police Station ang suspek na si Julito Dacles, Jr. y Obiena, 42, farmer, residente ng Torres Compound Brgy. Santol, Tanza, Cavite.

Ayon kay Police Lieutenant Colonel Laylo, bandang 10:15 ng umaga naaresto si Dacles, Jr. sa nasabing barangay ng pinagsanib na puwersa ng Tanza Municipal Police Station, Provincial Intelligence Team Cavite, Regional Intelligence Unit 4A at Regional Intelligence Division 4A-Regional Intelligence Team Cavite/Regional Support Operation Unit.

Ayon pa kay Police Lieutenant Colonel Laylo, naaresto si Dacles, Jr. sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Murder na may Criminal Case No. 04-0201 na nilagdaan ni Hon. Rosario B. Bandal, Presiding Judge, Regional Trial Court, 8th Judicial Region, Branch 41 sa Gandara, Samar noong Pebrero 22, 2005 na walang nirekomendang piyansa.

Samantala, pinapurihan ni Police Lieutenant Colonel Laylo ang Tanza Municipal Police Station para sa walang humpay na pagsusumikap at sa suporta na din ng komunidad ng Tanza sa Pambansang Pulisya para sa kampanya laban sa anumang krimen lalo na sa mga wanted person at may pananagutan sa batas. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Joe Peter Cabugon, RPCADU 4A)*

## Wanted Person arestado ng Abra PNP





**Bangued, Abra – Naaresto ang isang Wanted Person sa Manhunt Operation ng mga kapulisan ng Abra nito lamang Huwebes, Marso 10, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Mally Cula, Provincial Director ng Abra Police Provincial Office, ang suspek na si Excel Venus Billedo, 22, may asawa, self-employed, residente ng Brgy. Bangbangar, Bangued, Abra.

Ayon kay Police Colonel Cula, dakong 10:50 ng umaga naaresto si Billedo sa nabanggit na barangay ng pinagsanib na puwersa ng Abra PPO at Provincial Intelligence Unit.

Ayon pa kay Police Colonel Cula, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest dahil sa kasong Frustrated Murder (RPC Art 248) na inilabas ni Judge Corpuz B. Alzate, Regional Trial Court, Branch 2, Bangued, Abra noong Pebrero 17, 2022 na may Criminal Case #2022-003 na may nirekomendang piyansa na Php200,000.

Patuloy naman ang Abra PNP sa pagtugis sa mga Wanted Person at lalo pang paiigtingin ang programang Anti-Criminality para sa mapayapa at ligtas na pamayanan. *(Panulat ni Patrolman Josua Reyes)*



# 200 Kabataang IPs muling pinasaya ng Kapulisan sa Sultan Kudarat




**Sultan Kudarat - Pinasaya muli ang 200 na batang IPs ng mga kapulisan ng Sultan Kudarat sa buwanang pagsasagawa ng "Kaarawan Ko, Ngiti N'yo" kaugnay sa pagdiriwang ng Women's Month at Community Outreach Program sa Sitio Old Bantangan, Brgy. Lasak, Columbio, Sultan Kudarat nitong Biyernes, Marso 11, 2022.**

Gaya ng nakasanayan, mga masusustansyang pagkain, mga party bag na may mga lamang laruan, palaro at libreng gupit ang inihandog ng 1st Sultan Kudarat Provincial Mobile Force Company sa humigit kumulang 200 IPs na mga kabataan sa naturang lugar.

Maliban dito, hindi rin sila nagsawang turuan ang mga kabataan at mga residente sa nasabing lugar upang malayo sila sa masasamang gawain.

Abot tenga naman ang ngiti ng mga bata sa isinagawang aktibidad ng pulisya lalong lalo na sa pamimigay nila ng regalo at palaro kung saan lumabas at nahubog ang mga talento ng mga kabataan.

Ayon kay PLtCol Hoover Antonio, Force Commander ng 1st SKPMFC, matagumpay silang nakapag-abot ng kasiyahan sa mga kabataan sa tulong ng mga tauhan ng Columbio Municipal Police Station at miyembro ng Advisory Support Group for Police Transformation and Development na pinangunahan ni Ms. Sandy Hiso ng LGBTQ+ ng makasining Lahi ng Tacurong at mga kinatawan ng LGU.

Lubos naman ang pasasalamat ng Pambansang Pulisya sa walang sawang pagsuporta ng advisory council at mga stakeholders na nakatutok sa pagtulong sa mga mahihirap upang maibsan ang gutom at kahirapan sa kanilang komunidad. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay A Medelin)*





# 300 Residente ang benepisyaryo sa isinagawang Relief Operations ng Sarangani Province PNP



**Sarangani Province – Nagsagawa ng Relief Operations ang mga kapulisan ng Sarangani Province sa mga nasalanta ng baha sa Brgy. Kalaneg at Brgy. Maitum, Sarangani nitong Biyernes, Marso 11, 2022.**

Ayon kay Police Major June Eric Deguito, Company Commander ng 1204th Maneuver Company ng RMFB12, humigit kumulang na 120 sako ng bigas ang ipinamahagi ng 1204th MC. Habang 300 na katao naman ang naging benepisyaryo sa isinigawang Relief Operations.

Matagumpay namang naisagawa ang aktibidad sa pangunguna ni PLt Rex Ivan Tomales, Platoon Leader kasama ang mga kawani ng Municipal Social Welfare Development Office (MSWDO) at Maitum Municipal Police Station.

Lubos naman ang pasasalamat ng mga residente ng naturang lugar dahil sa walang sawang pagtulong ng mga kapulisan ng Sarangani Province dahil sa simula ng baha sa kanilang lugar ay nakatutok at alertong tumulong na ang mga kapulisan. *(Panulat ni Patrolman Charnie A Mandia)*



# 48 Blood Bags nalikom sa Blood Letting Activity ng Bohol PNP



**Tagbiliran City, Bohol - Nakalikom ng 48 bags ng dugo sa Blood Letting Activity ng pulisya ng Bohol sa Covered Court ng Camp Francisco Dagohoy, Tagbilaran City nito lamang Lunes ng umaga, Marso 7, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Osmundo D Salibo, Provincial Director, Bohol Provincial Police Office, 48 bags ng 450 CC ng dugo na may kabuuang 21,600 CC ang nakalap.

Ayon pa kay PCol Salibo, katuwang ng PNP sa aktibidad ang Dagohoy Masonic Lodge #84 at Provincial Health Office, sa pamamagitan ni Governor Celestino Gallares, Hospital Blood Bank.

Ang blood donors ay ang mga tauhan ng Bohol Provincial Police Office, iba't ibang Police Station, miyembro ng Dagohoy Masonic Lodge #84, Bureau of Fire Protection, Provincial Health Service, AKHRO Force Multipliers at iba pang volunteers.

Dagdag pa nito, ang naging hakbangin na ito ng Bohol PPO ay kabilang sa mga programang nakahanay sa pagdiriwang ng 2022 National Women's Month.


Hangad ng kapulisan na matulungan at mapaglingkuran ang kanilang mga kababayan sa pamamagitan ng isang pagkilos na nagbibigay sa mga ito ng pag-asa upang mabuhay. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*







# Tree Planting Activity isinagawa ng Lanao del Norte PNP



**Lanao del Norte - Nagsagawa ng Tree Planting Activity ang pulisya ng Lanao del Norte nito lamang Martes, Marso 8, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Colonel Isaias Bacurnay Jr, Provincial Director, kasama ang mga kababaihang kawani ng Provincial Government ng Lanao del Norte.


Ayon kay Police Colonel Bacurnay, bandang 6:00 ng umaga sinimulan ang Tree Planting Activity sa Brgy. Kakai Renabor, Tubod, Lanao del Norte.


Tinatayang nasa apat na daang piraso ng iba't ibang non-bearing fruit na seedlings ang naitanim.


Ayon pa kay Police Colonel Bacurnay, ito ay alinsunod sa Core Values ng PNP, ang "Makakalikasan" at bahagi ng adbokasiyang "Kaligkasan" (Kaligtasan at Kalikasan) na naglalayong pagtibayin ang hangarin ng ilang sektor ng komunidad upang muling buhayin at maibalik ang maayos at ganda ng ating kalikasan.


Ang Pambansang Pulisya ay hinimok ang komunidad na makilahok sa iba't ibang programang pangkalikasan upang mapanatili ang luntiang kapaligiran at lumiit ang hindi kanais-nais na mga epekto na dala ng climate change. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville L Ortiz)*






TEAM PNP Service Honor Justice
PULIS SERBIS BALITA

# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Alay sa Altar ng Karahasan

Ang terorismo ay balakid sa kapayapaan at kaunlaran, naghahasik ito ng takot at pangamba sa mamamayang Pilipino. Layunin ng terorismo na ipulupot sa leeg ng isang demokratikong gobyerno ang kadena nang kalupitan at karahasan upang ito ay maibagsak.

Sa Pilipinas, isa ang New People's Army (NPA) sa mga teroristang grupo. Sila ang armed-wing ng Communist Party of the Philippines (CPP) at ng National Democratic Front (NDF). Ang CPP ang ulo/utak nang pagkilos, ang NPA naman ang armas/espada at ang NDF ang kalasag/baluti ng teroristang grupo. Ang tatlong magkakasabwat na ito ay sumusunod sa bawat kumpas at kapritso ni Jose Maria Sison na pinalaya ng Rehimeng Cory Aquino noon at ngayon ay nagtatampisaw sa maalwang pamumuhay sa Netherlands.

Naging tradisyon na sa NPA na tuwing sasapit ang anibersaryo ng CPP sa buwan ng Disyembre ay pinag-iibayo nila ang kanilang mga gawain nang pamamaslang. Ang kanilang mga biktima ay kadalasang mga uniformed-personnel ng pamahalaan o mga sibilyan na maigting na taga suporta ng mga makabuluhang programa ng gobyerno.

Noong December 13, 2018, bandang alas 4:10 ng araw ng Miyerkules, isang buhay ang walang awang inialay ng mga NPA sa lalawigan ng Kalinga sa altar ni Joma. Ang inihandog nila para sa ika-50 anibersaryo ng CPP ay si Police Executive Master Segeant (PEMS) Ronald Galap ng Lubuagan Municipal Police Station. Ilang punglo ang ibinaon ng mga assassin sa pataksil nilang pagpatay sa biktima. Ang kanyang dugo ay ibinuhos sa lupain ng Kalinga na ilang dekada nang saklot ng kalupitan at karahasan ng mga manliligalig.

Ipinagluksa ng mga taga Kalinga ang pagpaslang ng mga NPA kay PEMS Ronald Galap, isang alagad ng batas, isang Pilipino at kabalikat ng mamamayan para sa kapayapaan at pag-unlad.

Sa bawat patak ng luha mula sa mga nagmamahal at naulila ni PEMS Galap, ngiti at halakhak naman ang nagmula sa mga NPA na ipinagbunyi ang kamatayan ng kanilang kapwa Pilipino. Para sa nga CPP-NPA-NDF na uhaw sa dugo at walang paggalang sa buhay ng kapwa-tao, sisingilin sila ng kasaysayan at ng mamamayan sa utang nilang mga inosenteng buhay.

## Top 4 Most Wanted Person ng Zamboanga Del Sur arestado

Zamboanga Del Sur - Naaresto ang Top 4 Most Wanted Person ng Zamboanga del Sur sa operasyon ng mga operatiba ng Zamboanga del Sur nito lamang Marso 9, 2022.

Kinilala ni Police Major Jake Payumo Capitly, Acting Chief of Police ng Suminot Municipal Police Station ang naarestong suspek na si Gallardo Saberon Leparto a.k.a "Oto", 52, walang trabaho, residente ng Purok 6, Barangay Tungawan, Sominot, Zamboanga Del Sur.

Ayon kay Police Major Capitly, bandang 11:30 ng umaga nahuli ang suspek sa kanyang tinitirhan sa joint operation ng Sominot Municipal Police Station at Zamboanga del Sur 1st Mobile Force Company.

Ayon pa kay Police Major Capitly, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Murder na may Criminal Case no. 20-10, 1732 na inilabas ni Honorable Analyn Fernando Ramas Constanilla, Presiding Judge, Regional Trial Court, 9th Judicial Regional Branch 30 ng Zamboanga Del Sur noong Agosto 1, 2021 at walang inirekomendang piyansa.

Ang Pambansang Pulisya ay nagpapaalala sa mamamayan na huwag gumawa ng ano mang ilegal na gawain upang hindi humantong sa pagkakakulong. Sa halip ay makipagtulungan para sa katahimikan at maayos na pamayanan. *(Panulat ni Patrolman John Ronald Tumonong)*

# Php13.6M shabu kumpiskado sa PNP buy-bust sa Mandaue City



**Mandaue City, Cebu – Nakumpiska ang tinatayang Php13,600,000 na halaga ng shabu sa buy-bust operation ng pulisya sa Mandaue City ngayong araw ng Miyerkules, Marso 9, 2022.**

Kinilala ni PNP Chief, Police General Dionardo Carlos, ang suspek na si Jorge Paras Phala alyas "Joje", 52, taxi driver, residente ng Sitio Opra, Barangay Kalunasan, Cebu City at isang drug courier ng local drug group.

Ayon kay Police General Carlos, bandang 5:07 ng umaga nahuli si Phala sa Zone Pechay, Barangay Paknaan, Mandaue City ng mga operatiba ng Police Regional Office 7 at Philippine Drug Enforcement Unit 7.

Ayon pa kay Police General Carlos, nakuha kay Phala ang may kabuuang 2 kilos ng shabu na may Standard Drug Price (SDP) na Php13,600,000, samsung cellphone, buy-bust money at isang Habagat backpack.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Section 5 at 11, Article II ng RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Pinupuri ni Police General Carlos ang operating unit para sa matagumpay na buy-bust operation sa Manadaue City.

"Ang sunod-sunod na matagumpay na operasyon ng ating mga operatiba ay isang patunay ng mas pinaigting na kampanya upang tuluyang sugpuin at mahuli na ang mga sindikato ng ilegal na droga sa buong bansa. Ito ay bunga rin ng mas pinalakas na ugnayan at suporta ng ating kapulisan, iba't ibang sektor ng lipunan at publiko", ani Police General Carlos. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

# 9 Arestado sa buy-bust; Php148K halaga ng shabu nasamsam ng SPD-PNP

**Fort Bonifacio, Taguig City - Tinatayang nasa Php148,240 halaga ng hinihinalang shabu ang nasamsam sa siyam na suspek sa magkahiwalay na buy-bust operations ng mga operatiba ng Southern Police District nito lamang Linggo ng ika-6 ng Marso 2022.**

Ayon kay PBGen Jimili Macaraeg, District Director, SPD, nadakip ang siyam na suspek sa pinagsanib pwersa ng Station Drug Enforcement Unit o SDEU, Taguig, Muntinlupa, Las Piñas at Parañaque City Police Station.

Unang kinilala ni PBGen Macaraeg ang dalawang suspek na sina Elmor Vergara y Hamid alyas "Elmor", 48, at Niel Martinez y Nicol, 18, na naaresto ng Station Drug Enforcement Unit-SPD at Taguig City Police sa kahabaan ng Meralco Road, Brgy. New Lower Bicutan bandang alas-3:10 ng hapon.

Sabi ni PBGen Macaraeg, narekober sa kanila ang Php200 buy-bust money, blue coin purse, at 12 heat sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu at may timbang na higit-kumulang 7.5 gramo at may Standard Drug Price na Php51,000.

Dagdag pa ni PBGen Macaraeg, dalawang buy-bust operation ang isinagawa ng mga operatiba ng SDEU sa Muntinlupa City.

Una ay sa Purok 4, PNR Site Brgy. Bayanan kung saan naaresto sina Christian Soliguin y Navarro alyas "Jampot", 32, at Richard Alba y Sanchez, 48, na nahulihan ng Php34,000 at Php300 buy-bust money bandang 7:50 ng gabi.

Ang ikalawang operasyon ay dakong 11:35 ng gabi sa Purok 2 ng magkaparehong barangay na nagresulta sa pagkakaaesto kina Jill Anne Cuya y Mataganas a.k.a "Jill", 37, at Jay Abarca y San Jose, 41.

Nakumpiska sa dalawa ang tatlong heat sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng higit-kumulang 5 gramo ng hinihinalang shabu at tinatayang Php34,000 ang halaga, at Php200 buy-bust money.

Ani pa ni PBGen Macaraeg, dakong alas 8:20 naman ng gabi naaresto sa Sampaguita St., Tramo 1, Brgy. Naglunsad ng mga operatiba ng San Dionisio, Parañaque City at SDEU sina Reynalie Ortega Loria alyas "Jes", 37, at Ramon Balintong Millan, 33.


Pitong heat sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na tumitimbang ng higit-kumulang 3 gramo na tinatayang Php20,400 ang halaga, isang coin purse at Php1000 buy-bust money naman ang narecober kina Loria at Millan.

Sa lungsod naman ng Las Piñas, nadakip dakong alas-9:00 ng gabi sa Everlasting Homes Brgy Talon 4 ng SDEU si Ricardo Rodriguez y Espayos alyas "Tropa", 43.

Narekober naman sa kanya ang dalawang heat sealed transparent plastic sachet na hinihinala ring shabu na higit-kumulang 1.3 gramo ang timbang at tinatayang Php8,840 ang halaga, at Php500 buy-bust money.

Lahat ng mga naarestong suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Tiniyak ni PBGen Macaraeg na ang Pambansang Pulisya ay patuloy na hihigpitan ang kampanya kontra ilegal na droga.



# Smuggled cigarettes at shabu nasamsam sa Sultan Kudarat




**President Quirino, Sultan Kudarat – Nasamsam ng mga pulisya ng Sultan Kudarat ang Php162,000 na halaga ng pinuslit na sigarilyo at humigit kumulang na 1.0 gramo ng shabu na may tinatayang halaga na Php10,000 sa dalawang suspek sa Purok Sampaguita, Brgy. Poblacion, President Quirino, Sultan Kudarat nitong Huwebes, Marso 10, 2022.**

Kinilala ni Police Major Samuel Domingo, Chief of Police, President Quirino Municipal Police Station ang mga suspek na sina Zuharto Batua Rahim, 31, may asawa, driver, residente ng Poblacion, Pagalungan, Maguindanao at Dhatz Baumol Dangan, 25, binata, pahinante, residente ng Poblacion, Pagalungan, Maguindanao.

Ayon kay Police Major Domingo, nakatanggap sila ng impormasyon na ang isang unit ng Utility Vehicle (Bonggo) ay may laman na hinihinalang smuggled na sigarilyo mula sa Buluan, Maguindanao patungong Tacurong City.

Kaagad namang nagsagawa ng checkpoint ang mga tauhan ng President Quirino MPS kasama ang mga tauhan ng Regional Intelligence Division 12, 1st Sultan Kudarat Provincial Mobile Force Company at Sultan Kudarat Provincial Intelligence Unit/ Sultan Kudarat Provincial Drug Enforcement Unit sa SKPMFC Pedtubo Detachment, Brgy. Pedtubo, President Quirino, Sultan Kudarat.

Ayon pa kay Police Major Domingo, bandang 01:35 nang hapon ng makita nila ang nasabing sasakyan, sinubukan nitong umiwas sa checkpoint na kaagad na nagbago ng lane at biglang pinabilis ang pagtakbo. Kaagad naman na inaksyunan at hinabol ito ng mga operatiba.

Dagdag pa ni Police Major Domingo, nakumpiska ng pulisya ang 180 reams ng New Berlin Cigarettes na may tinatayang kabuuang market value na Php162,000 at isang unit ng Utility Vehicle (Bonggo) na may plate number MAM 6594, kulay berde na walang kaukulang dokumento.

Maliban dito, narekober din nila ang apat na plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na inilagay sa loob ng pakete ng sigarilyo na may kabuuang timbang na humigit kumulang na 1.0 gramo na nagkakahalaga ng Php10,000.

Ang narekober na hinihinalang shabu ay itinurn-over sa Provincial Crime Laboratory Field Office 12, Isulan, Sultan Kudarat para sa qualitative and quantitative examination.

Ang mga suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 10863 o mas kilala bilang Custom Modernization and Tariff Act kaugnay ng Sec 168 ng RA 8293 at Section 11, Article II ng RA 9165. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Medelin)*

## Php6.9M shabu nakumpiska sa PNP buy-bust sa Talisay City



**Talisay City, Cebu - Tinatayang Php6,936,000 halaga ng shabu ang nakumpiska sa buy-bust operation ng pulisya ng Talisay City, Cebu nito lamang Miyerkules, Marso 9, 2022.**


Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Randy Caballes, Hepe ng Talisay City Police Station, ang naaresto na si Mark Dexter Tamarra, 31, residente ng Sitio Bato Brgy. Ermita, Cebu City.

Ayon kay Police Lieutenant Colonel Caballes, si Tamarra ay nahuli bandang 8:35 ng gabi sa Brgy. Candulawan, Talisay City sa isinagawang intensive drug operation "OPLAN LIMPYO" ng mga operatiba ng Talisay City Police Station.

Ayon pa kay Police Lieutenant Colonel Caballes, nakumpiska mula sa suspek ang pinaghihinalaang shabu na may tinatayang bigat na 1,020 gramo na may Standard Drug Price na Php6,936,000.

"Ang matagumpay na operasyon ay dahil sa pinaigting at pagsisikap ng pulisya na sugpuin ang problema sa ilegal na droga sa lungsod, madakip ang bawat personalidad na sangkot, at nang maging ligtas sa anumang uri ng kriminalidad ang mga Talisaynon", ani PLtCol Caballes. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*

# Php15M halaga ng marijuana sinira ng PNP Cordillera



**Tinglayan, Kalinga - Tinatayang nasa Php15,000,000 halaga ng halamang marijuana ang sinira at sinunog ng mga operatiba sa isinagawang Marijuana Eradication "Oplan Marites" sa Barangay Bugnay, Tinglayan, Kalinga nito lamang Biyernes, ika-11 ng Marso, 2022.**

Ayon kay Police Brigadier General Ronald Lee, Regional Director, Police Regional Office Cordillera, matagumpay na naisagawa ang eradikasyon ng plantasyon ng Marijuana sa pinagsamang puwersa ng Provincial Drug Enforcement Unit, Provincial Intelligence Unit, 1st and 2nd Kalinga Provincial Mobile Force Company, Tinglayan Municipal Police Station, 1503rd at 1505th Regional Mobile Force Battalion, 141 Special Action Company PNP-Special Action Force at Lubuagan Municipal Police Station.

Ayon pa kay Police Brigadier General Lee, nadiskubre ang walong marijuana plantation site na may kabuuang sukat na 7,150 square meters sa isinagawang Marijuana Eradication sa nasabing barangay.

Dagdag pa ni Police Brigadier General Lee, mahigit kumulang 75,000 piraso ng fully grown marijuana na may tinatayang halaga sa Standard Drug Price na Php15,000,000 ang nadiskubreng mga pinagbabawal na halaman.

Samantala, agad namang binunot at sinunog ng mga awtoridad ang mga nadiskubreng mga marijuana sa mismong lugar ng taniman.

Walang naitalang nahuling marijuana cultivator sa isinagawang operasyon.

"Patuloy ang pagpapaigting ng Marijuana eradication ng mga kapulisan ng Cordillera upang mapuksa ang mga ipinagbabawal na mga halaman at matukoy ang mga nasa likod ng pagtatanim nito", ani Police Brigadier General Lee. *(Panulat ni Patrolwoman Febelyn Codiam)*

# Top 2 Most Wanted Person na miyembro ng NPA arestado sa Samar




**Eastern Samar - Arestado ang Provincial Level Top 2 Most Wanted Person na miyembro ng teroristang grupong CPP-NPA sa manhunt operation ng kapulisan ng Eastern Samar nito lamang Lunes, Marso 7, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Matthe Aseo, Provincial Director ng Eastern Samar Police Provincial Office, ang naarestong suspek na si Rolando Borac, 52 at residente ng Brgy. Burak, Llorente, Eastern Samar.

Ayon kay Police Colonel Aseo, bandang 10:15 ng umaga nahuli si Borac sa Brgy. Burak, Llorente, Eastern Samar sa pinagsanib na puwersa ng Llorente Municipal Police Station at ESPPO-PIU.

Ayon kay Police Colonel Aseo, si Borac ay may standing Warrant of Arrest para sa kasong murder na naka-docket sa ilalim ng Criminal Case No. 11589 na walang piyansang inirekomenda at inisyu noong Nobyembre 15, 2005.

Ayon pa kay Police Colonel Aseo, si Borac ay nakilala rin na isang Chairman ng Barangay Organization Party (BOP) sa mga barangay ng Burak, Canduros at Magtino ng Llorente, Eastern Samar at pangulo ng samahan ng mga magsasaka ng Under Ground Mass Organization (UGMO) na inorganisa ng SYP Platoon Code Name: Fred Arandia Command.

Pinuri ni Police Colonel Aseo ang mga operatiba ng Llorente Municipal Police Station, Eastern Samar Police Provincial Office at Provincial Intelligence Unit sa matagumpay na pagkakahuli sa suspek. Nagpapatunay lamang na hindi makakawala sa batas ang mga taong gumagawa ng ganitong uri ng krimen. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn Valdez)*

# Php4.7M shabu kumpiskado sa PNP buy-bust sa NegOr



**Dumaguete City- Tinatayang Php4,760,000 halaga ng shabu ang nasabat sa buy-bust operation ng pulisya ng Dumaguete City, Negros Oriental nito lamang Miyerkules, Marso 9, 2022.**

Kinilala ni PBGen Eduardo Roque Vega, Regional Director, Police Regional Office 7, ang suspek na si Pnedathon Ramos Azes, 33, residente ng Purok Camia, Barangay Calindagan, Dumaguete City.

Ayon kay PBGen Vega, naaresto si Azes bandang 8:07 ng gabi sa Barangay Bajumpandan sa pinagsanib puwersa ng mga operatiba ng Provincial Drug Enforcement Unit, Dumaguete City Police Station at Regional Police Drug Enforcement Unit 7.

Ayon pa kay PBGen Vega, nakuha sa suspek ang 700 gramo ng hinihinalang shabu na may tinatayang halaga na Php4,760,000, buy-bust money at mga bag.

Nahaharap si Azes sa kasong paglabag sa Sec. 5 at 11 ng RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

“Pinupuri ko ang mga operating unit para sa positibong resulta ng operasyon. Seryoso ang Police Regional Office 7 sa pagsusumikap nito laban sa kriminalidad sa rehiyon. Para sa mga nakikibahagi pa rin sa mga ilegal na gawain, hindi kayo welcome dito”, ani PBGen Vega. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

# 5 Most Wanted Person sa Nueva Ecija arestado

**Nueva Ecija – Naaresto ng mga kapulisan ang limang Most Wanted Person sa Nueva Ecija sa magkahiwalay na Manhunt Charlie operation noong Martes, Marso 8, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Jess Mendez, Acting Provincial Director ng Nueva Ecija Police Provincial Office ang dalawang naaresto ng mga tauhan ng Talavera Police Station na sina Marvin Dela Cruz y Rayos, 30, residente ng Barangay Calipahan, Talavera, Nueva Ecija at Brenn Damacio y Cabahel, 29, residente ng Barangay Burnay, Talavera, Nueva Ecija.

Ayon kay PCol Mendez, naaresto ang dalawang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong paglabag sa Sections 5 and 11, Article II of RA 9165 na walang nirekomendang piyansa.

Samantala, kinilala din ni PCol Mendez ang dalawang naaresto ng mga tauhan ng San Jose City Police Station na sina Alvin Santos y Agustin, 32 at Benjie Santos y Agustin, 38, parehong residente ng Barangay Sto. Niño 2nd, San Jose City, Nueva Ecija.

Ayon pa kay PCol Mendez, naaresto ang dalawang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Rape kaugnay ng RA 7610 at walang nirekomendang piyansa.


Gayundin, naaresto naman ng mga tauhan ng Cabanatuan City Police Station ang suspek na si Jericho Robediso y Corteñas, alyas Kokoy, 30, residente ng Barangay Aduas Sur, Cabanatuan City, Nueva Ecija.

Naaresto si Kokoy sa bisa ng Warrant of Arrest dahil sa kasong Attempted Rape na may Criminal Case #33763-AF at may piyansang PHP120,000.

Pinuri ni PCol Mendez ang mga kapulisan ng Nueva Ecija sa kanilang matagumpay na operasyon.

Hinikayat din nya ang mga mamamayan na makipagtulungan sa kapulisan sa pag-aresto sa mga most wanted person sa lalawigan para sa tahimik at maayos na pamayanan.

# Top 6 Most Wanted Person ng Tiaong, Quezon arestado




**Tiaong, Quezon - Naaresto ang Top 6 Most Wanted Person ng Tiaong, Quezon sa operation ng pulisya ng Quezon nito lamang Marso 9, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Marlon Cabataña, Hepe ng Tiaong, Quezon ang suspek na si Jhon Derick Ramos y Ubalde, nasa hustong gulang, residente ng Lusacan, Tiaong, Quezon.

Ayon kay Police Lieutenant Colonel Cabataña, ganap na 11:44 ng umaga naaresto ang suspek sa Brgy. Poblacion 3, Tiaong, Quezon ng mga operatiba ng Drug Enforcement Unit.

Ayon pa kay Police Lieutenant Colonel Cabataña, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na pinirmahan ni Hon. Patricia Angeles Reyes Cataquiz-Fidel, Presiding Judge, Family Court, Branch 16, Sariaya, Quezon para sa paglabag sa Section 5 and 11 of Republic Act 9165 na may Criminal Case no. 2017-1769 at 2017-1770.

Ang Pambansang Pulisya ay lalo pang paiigtingin ang kampanya laban sa mga taong lumalabag sa batas at hinihikayat ang mga mamamayan na makipagtulungan at sumuporta sa programa ng gobyerno para sa tahimik at maayos na pamayanan. *(PEMS Joe Peter B Cabugon, RPCADU 4A)*

# Php1M Shabu kumpiskado sa PNP Buy-bust; suspek arestado



**Cebu City - Nasamsam ang isang milyong pisong halaga ng shabu sa buy-bust operation ng pulisya ng Cebu City nito lamang Linggo, Marso 6, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Ernesto Salvador Tagle, City Director, ang suspek na si Randy Cruda Aranduque, 35, residente ng J. Tabura St., Brgy. Poblacion Pardo, Cebu City.

Ayon kay Police Colonel Tagle, si Aranduque ay naaresto bandang 5:30 ng hapon sa Zacate, Brgy. Basak Pardo ng mga operatiba ng Station 7 Drug Enforcement Unit at kabilang sa Regional Level High Value Individual.

Ayon pa kay Police Colonel Tagle, nakumpiska sa suspek ang 10 piraso ng malalaking sachet na hinihinalang shabu na may tinatayang timbang na 150 gramo at umaabot ang halaga sa mahigit Php1,000,000, isang cross gray bag na ginagamit na lagayan ng mga ilegal na droga, isang bundle na pekeng pera, at isang Php500 bill na ginamit bilang buy-bust money.

Ang suspek ay nasa kostudiya ng Inayawan Police Station, CCPO. Samantala ang mga nakalap na ebidensiya ay agad na dinala sa PNP Cebu City Forensic Unit para sa pagsusuri.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Sec. 5 at 11, Art. II ng RA 9165 o Dangerous Drugs Act of 2002. *(Panulat ni Patrolman Edmersan P Llapitan)*

# Most Wanted Person sa kasong panghahalay sa menor de edad arestado sa Tacloban



**Tacloban City – Arestado ang isang lalaki sa kasong panghahalay sa menor de edad sa operasyon ng pulisya sa Tacloban City nito lamang Lunes, Marso 7, 2022.**

Kinilala ni Police Major Leonides Sydiongco, Police Station 1 Commander ng Tacloban City Police Office, ang naarestong suspek na si Noel Salipot Balida alyas "Brad", 35 at residente ng Brgy. Salog, Leyte-Leyte.

Ayon kay Police Major Sydiongco, si Balida ay nahuli sa Brgy 109, V&G Subdivision, Tacloban City ng magkatuwang na puwersa ng mga operatiba ng Police Station 1 at 2 ng Tacloban City Police Office, Leyte-Leyte Municipal Police Station, TCPO Intelligence Unit, at Regional Drug Enforcement Unit 8.

Ayon pa kay Police Major Sydiongco, si Balida ay tinaguriang Top 9 Most Wanted Person ng Leyte-Leyte.

Aniya pa ni Police Major Sydiongco, naaresto si Balida sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Emelinda R Maquilan, Presiding Judge ng RTC, 8th Judicial Region, Branch 13 ng Carigara Leyte na may petsang Pebrero 14, 2022 at inirerekomenda ng korte ang piyansang Php180,000 para sa kanyang pansamantalang kalayaan.

Dagdag pa ni Police Major Sydiongco, si Balida ay nahaharap sa kasong paglabag sa Art. 336 ng RPC, Acts of Lasciviousness in relation to Sec. 5 ng RA 7610 (Child Abuse).

Pinapurihan ni Police Major Sydiongco ang kanyang mga tauhan at mga katuwang na operatiba sa matagumpay na pagkaaresto sa suspek.

"Sa pamamagitan ng ating kampanya laban sa kriminalidad at adbokasiya para sa kapakanan ng kababaihan at mga bata, hustisya sa mga biktima ng naturang karahasan, pang-aabuso o pagsasamantala, dapat laging mananaig ang panuntunan ng batas at ang mga lalabag ay mapaparusahan", ani Police Major Sydiongco. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn Valdez-RPCADU 8)*

# Top 7 Most Wanted Person sa kasong Rape timbog sa Iloilo

**Iloilo - Timbog ang Top 7 Most Wanted Person ng Lambunao, Iloilo sa kasong rape sa ginawang operasyon ng pulisya nito lamang Lunes, Marso 7, 2022.**

Kinilala ni Police Major Roy Tayona, Acting Chief of Police, Lambunao Municipal Police Station, ang suspek na si Edwin Lastimoso y Libuna, may asawa at residente ng Barangay Pajo, Lambunao, Iloilo.

Ayon kay Police Major Tayona, nahuli si Lastimoso sa Barangay Malunang, Zarraga, Iloilo ng mga operatiba ng Lambunao Municipal Police Station katuwang ang Zarraga Municipal Police Station.

Ayon pa kay Police Major Tayona, mahigit sampung taon ng nagtatago sa batas si Lastimoso.

Aniya pa ni Police Major Tayona, si Lastimoso ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Rape na inisyu ni Honorable Judge Gemmalyn Faunillo-Tarol, Presiding Judge, Branch 76, Janiuay, Iloilo noong October 20, 2020.

Tinitiyak ng ating kapulisan na walang lugar sa lipunan ang mga taong gumagawa ng krimen na ito at titiyaking mapanatili ang kapayapaan sa lugar. *(Panulat ni Patrolman Kher Bargamento)*

# Babae timbog sa buy-bust; Php860K shabu nakumpiska



**Pinagbuhatan, Pasig City - Timbog ang isang babae sa ginawang buy-bust ng Pasig City PNP noong nakaraang lunes, Marso 7, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Orlando Yebra Jr, District Director ng Eastern Police District ang suspek na si Raimah Salic y Ampuan/Remma Salic Saripada y Maruhom alyas "Remah", 24, may-asawa, online seller at residente ng Pinagbuhatan, Pasig City.

Ayon kay Police Brigadier Yebra Jr, bandang 4:00 ng hapon nahuli ang suspek sa B7 L26 Aquarius, Centennial 2, Pinagbuhatan, Pasig City sa pinagsanib puwersa ng DDEU, DID, DSOU, DECU-EPD, F2-DMFB EPD, QCDIT RIUNCR-IG, 7th MFC RMFB-NCRPO at ADCOP.

Ayon pa kay Police Brigadier Yebra Jr, nakumpiska kay Salic ang isang piraso ng heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na tinatayang nagkakahalaga ng Php16,500; isang pang heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman din ng hinihinalang shabu na tumitimbang ng 124.17 gramo na nagkakahalaga naman ng Php844,356; isang brown bag; isang genuine Php500 bill na ginamit bilang buy-bust money; at 16 pirasong Php1,000 bill bilang boodle money.

Ang suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Tiniyak ni Police Brigadier Yebra Jr. na ang Pambansang Pulisya ay patuloy na paiigtingin ang kampanya kontra ilegal na droga.

# Php768K shabu nakumpiska; 2 High Value Individual arestado ng Bacolod PNP



**Bacolod City - Tinatayang Php768,400 halaga ng shabu ang nakumpiska at pagkaaresto sa 2 High Value Individual sa buy-bust operation ng kapulisan ng Bacolod City nito lamang Martes, Marso 8, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Thomas Joseph Martir, City Director, Bacolod City Police Office, ang mga suspek na sina Roberto Alcalde Dingcong alyas "Ar-ar", 41 at Jenny Babes Ogahyon Montealto, 25.

Ayon kay Police Colonel Martir, si Dingcong at Montealto ay nahuli sa Gardenville Subd., Brgy. Tangub, Bacolod City, Negros Occidental ng mga operatiba ng Bacolod City Drug Enforcement Unit.

Ayon pa kay Police Colonel Martir, nakuha sa mga suspek ang 15 sachet at isang nakataling plastic bag na may lamang shabu na may bigat na 113 na gramo at may Standard Drug Price na Php768,400.

Ang mga suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Samantala, pinuri naman ni Police Colonel Martir ang mga operatiba sa matagumpay na operasyon at tiniyak na paiigtingin pa ang pagpapatupad sa mas pinalawak na kampanya ng PNP laban sa mga ipinagbabawal na droga at iba pang uri ng krimen sa naturang lungsod. *(Panulat ni Patrolman Kher D Bargamento)*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.10 * Marso 5 - 11, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 226 Benepisyaryo ng "Handog Kabuhayan ni Kuyang Pulis" ng PNP-NCRPO




**Caloocan City – Pinagkalooban ang 226 nating kababayan ng iba't ibang serbisyo publiko dahil sa inisyatibong programa ng NCRPO Regional Mobile Force Battalion ang "Handog Kabuhayan ni Kuyang Pulis", nito lamang umaga ng Marso 7, 2022 sa Bagong Silang, Caloocan City.**

Ayon kay Police Colonel Lambert Alban Suerte, Force Commander ng RMFB, ang naturang programa ay mayroong iba't ibang aktibidad tulad ng gift-giving kung saan 200 ang naging benepisyaryo, medical mission na may 20 benepisyaryo, libreng gupit, pamimigay ng kabuhayan showcase (food cart) sa apat na benepisyaryo, mga laruan ng bata, tsinelas at food feeding.

Sa dedikasyon at pagmamalasakit ng bawat miyembro ng programa, at sa pakikipagtulungan rin ng Rotary Club of Mandaluyong, Barangay 176 Health Worker, Philippine Red Cross, Caloocan City Chapter, Alpha Khappa Rho (AKRHO) at Barangay Peacekeeping Action Team, maayos na naisakatuparan ang mga ito.

Namahagi rin ng wheelchair mula sa programang "Gulong ng Suerte Reloaded" sa dalawa nating kababayan na may karamdaman sa paa.

Isinabay rin sa aktibidad ang "ribbon cutting" para sa bagong renovated na forward base ng 6th Mobile Force Company.

"Ang matagumpay na aktibidad na ito ay isang patunay na pinagbubutihan ng Pambansang Pulisya na patatagin pa ang ugnayan ng pulis at mamamayan sa pamamagitan ng pagbibigay serbisyo publiko sa mga taong kapos sa buhay", ayon pa kay PCol Suerte.

# Tree Planting Activity isinagawa ng Valencia PNP sa NegOr



**Negros Oriental - Nagsagawa ng Tree Planting Activity ang pulisya ng Valencia sa Negros Oriental nito lamang Linggo, Marso 6, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni PMaj Roger Quijano, Chief of Police, kasama ang mga trainees ng Basic Internal Security Operation Course (BISOC) at grupo ng mga kabataan na boluntaryong nakilahok sa nasabing aktibidad.

Ayon kay PMaj Quijano, bandang 6:00 ng umaga sinimulan ang Tree Planting Activity sa Brgy. Apolong, Valencia, Negros Oriental at tinatayang nasa walumpung piraso ng non-bearing fruit na seedlings ang naitanim.

Ayon pa kay PMaj Quijano, ito ay alinsunod sa Core Values ng PNP ang "Makakalikasan" at bahagi ng adbokasiyang "Kaligkasan" (Kaligtasan at Kalikasan) na naglalayong pagtibayin ang hangarin ng ilang sektor ng komunidad upang muling buhayin at maibalik ang maayos at ganda ng ating kalikasan.

Kaya naman, patuloy na hinihimok ng hanay ng Pambansang Pulisya ang publiko na patuloy na suportahan at makiisa sa mga programa ng pamahalaan, na walang ibang hangad kung hindi ang kabutihan ng pangkalahatan. *(Panulat ni Patrolman Aivan M Guisadio)*

# Sekyu, nakatanggap ng bagong sapatos mula kay mamang pulis



**Lubos ang tuwa ng isang security guard matapos handugan ng bagong sapatos ng pulis sa Balamban, Cebu nito lamang umaga ng Miyerkules, Marso 9, 2022.**

Kinilala ang mabait at mapagbigay na pulis na si PSMS Godofredo Dumdum na mas kilala sa ngalang "Pablis" na kasalukuyang nakatalaga sa Balamban Police Station.

Umaga nang Martes ng sumilong si PSMS Dumdum sa Palawan Pawnshop nang hindi inaasahan ay napansin nito ang luma at butas na sapatos ng security guard na noo'y naka-duty na si SG Jomarie Ondoy.

Sa kanyang nakita, ramdam ng pulis ang hirap na pinagdadaanan ng security guard dahil minsan ay naranasan na rin niya ito.

Kaya naman, makalipas ang isang araw binalikan nito ang security guard bitbit ang bagong sapatos at kanyang ipinagkaloob ito kay SG Ondoy.



Base sa pahayag ng Balamban Police Station sa kanilang FB post, inilarawan si PSMS Dumdum bilang isang responsable at maaasahang kasamahan at lubos na hinahangaan sa kanyang pagiging mabuting pulis.

Nawa'y ang kabutihan na ipinamalas ni PSMS Godofredo Dumdum ay pamarisan ng karamihan. *(Panulat ni Patrolman Carl Philip Galido)*